CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Hunyo 12, 2020
Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Nag-isyu ang Long Beach ng Binagong Utos sa Kalusugan

Pinapayagan ang mga pinalawak na mga aktibidad sa mga beach at parke, mas maraming mga negosyo ang magbubukas

Long Beach, CA - Ngayon, ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ay naglabas ng mga pagbabago sa Utos na “Masligtas sa Tahanan” na magpapahintulot sa mas malawak na paggamit ng mga pasilidad ng Lungsod para sa paglilibang, kabilang ang mga nakatigil na aktibidad sa mga beach at parke kasama ng mga miyembro ng iyong tahanan. Ang mga court kagaya ng basketball at volleyball ay magagamit ng mga miyembro ng parehong sambahayan. Ang mga update na ito ay idinagdag sa anunsiyo noong Miyerkules na mas maraming mga negosyo ang pinapayagang magbukas muli, na mga paghihigpit.

“Habang ipinagpapatuloy namin ang mas maraming pang-araw-araw na gawain, mas mahalaga na alalahanin na ang coronavirus ay isang pampublikong emerhensiya sa kalusugan,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Nangangahulugan ito na kailangan pa rin nating mag-ensayo ng pisikal na pagdistansya at maging responsable sa pagsuot ng mga panakip ng mukha upang maipagpatuloy ang mga pagbubukas.”

Ang binagong Masligtas sa Tahanan na Utos ay makikita dito.

Simula Hunyo 12, bukod sa iba pang mga pagbabago na nakabalangkas sa utos, ang mga indibidwal at mga miyembro ng isang tahanan ay maaaring, sa mga pampublikong beach at parke:

- Makisali sa mga nakatigil na aktibidad (halimbawa, sunbathing, pag-upo at pag-piknik) at aktibong panlabas na libangan at pisikal na ehersisyo, sa kondisyo

na mapanatili nila ang pisikal na distansya na hindi bababa sa anim na talampakan mula sa mga tao sa ibang sambahayan.
- Gumamit ng basketball court, volleyball court, pickleball court at mga lugar pang-piknik, kung ang aktibidad ay limitado sa isang sambahayan nang paisa-isa. Ang mga pick-up na laro kasama ang iba sa labas ng iyong tahanan, kasama ang lahat ng mga team na isports, ay ipinagbabawal pa rin.

Ang mga pagtitipon o aktibidad na kinasasangkutan ng higit sa isang sambahayan ay nananatiling ipinagbabawal sa ilalim ng Utos ng Kalusugan.

Bilang karagdagan, ang binagong utos ay pumapayag din sa mga piling negosyo kagaya ng mga gym, day camp, museo, ang Aquarium of the Pacific at mga hotel na magbubukas sa Hunyo 12, sa sandaling nakumpleto na nila ang mga kailangang pangangailangan sa kaligtasan. Ang mga hakbang sa pisikal na pagdistansya at mga panakip ng mukha ay lubos na hinihikayat at/o kinakailangan. Isang buong listahan ng mga negosyo at kailangang protokol sa kaligtasan ay nasa pinakabagong Utos ng Kalusugan.

Ang mga negosyo katulad ng mga salon ng kuko, tattoo shop, spa at massage parlor, bar, brewpub at winery na hindi nagbebenta ng pagkain, mga sentro ng libangang pangpamilya (hal. bowling alley, arcade, sinehan) at mga pasilidad ng mga laro ay mananatiling sarado.

Sinusubaybayan ng Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Lungsod ang epidemiological na data sa mga sumusunod na linggo upang matukoy kung kailan maaaring buksan ang mga karagdagang negosyo na inaasahang bigyang awtorisasyon ni Gobernador Gavin Newsom bilang bahagi ng Stage 3 na pagbubukas, tulad ng mga bar, sentro ng libangang pangpamilya at personal na serbisyo (hal. mga manicure, pedicure, pagtatato, masahe, serbisyo sa waxing). Nang inihayag ang bagong gabay ng Estado ng Gobernador, ang bawat isa ay susuriin ng paisa-isa at maaari o hindi maaaring ipatupad sa Long Beach batay sa desisyon ng Opisyal sa Kalusugan ng Lungsod.

Ang pagkilos na ito ay ipinatupad ng Opisyal ng Kalusugan ng Lungsod, Dra. Anissa Davis, at alinsunod sa mga Emerhensiyang Kapangyarihan na ibinigay sa Manager ng Lungsod sa pamamagitan ng Proklamasyon ng Lokal na Emerhensiya. Ito ay epektibo

kaagad sa Hunyo 12, 2020, at magpapatuloy hanggang sa mapalawak, matanggal, o mabago sa pamamagitan ng pagsulat ng Opisyal na Kalusugan.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng lungsod upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###